AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2

**Aralin 16**

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Just Add Dirt" na isinulat ni Jason Moss.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 16** |
|---|
| Book Title: Just Add Dirt |
| Author: Jason Moss |
| Source: Buri Books |

Kumusta? 🤗 Magandang Araw! 😄☀ Andito muli si Teacher Hams 👩🏼🏫 mula sa AHA! Learning Center. 💜Kumusta ka? 🤔

Tulad nang napag-usapan natin, tayo'y maglalakbay muli sa linggong ito. 👣🤗

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**
Basta't ipangako ✋ muli natin sa isa't-isa na dahan-dahan nating babasahin, 📖 at iintindihin 🧐 ang kwento. 🤗

💬 **TALASALITAAN**
Paalala lamang bago natin simulan, mayroon tayong mababasang malalalim na salita 📖. Kung maaari itanong kayla Nanay 👩🏻 o Tatay 👨🏻 ang ibig sabihin ng mga sumusunod:

**(1) Kobrekama**
**(2) Kasangkapan**
**(3) Umusbong**
**(4) Lumago**

Tara na! 🙋‍♀️

Ngayong araw, aking ikwekwento ang istoryang "Just Add Dirt" na sinulat 📝 ni Bb. Becky Bravo at ginuhit ✏️ ni G. Jason Moss mula sa Adarna House at BuriBooks. 📖

Simulan na natin! 👣👣👣

---

📚 **JUST ADD DIRT NI JASON MOSS**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

Nang magising si Miguel 👦🏻 isang umaga 🌅 at nakitang may tumutubong munggo 🌱 sa kaniyang mga tainga 👂, ni hindi man lang nagulat ang kaniyang Nanay 👩🏻. Kasi hindi ka naligo ❌🛀 kagabi 🌚, ayan tuloy.", sabi niya. Isa-isang binunot ni Nanay ang mga munting halaman." Kailangang maligo 🚿🧼🛁 ka na ngayon, kung hindi baka kung ano na ang tumubo sa mga tainga 👂🌱 mo bukas." "Opo, maliligo 🛀 po ako, pero pagkatapos na po ng agahan.", sabi ni Miguel 👦🏻. Ngunit pagkatapos kumain 🍜, agad siyang lumabas para makipaglaro sa kaniyang mga kaibigan. ⛹🏾⛹🏾⛹🏾

Sa pananghalian, tinanong 🤔 si Miguel 👦🏻 ng kaniyang Nanay 👩🏻 kung naligo 🚿🧼🛁 na siya. "Hindi pa po 🙅‍♂️, pero maliligo po ako pagkatapos ng pananghalian.", sabi ni Miguel 👦🏻. Ngunit agad ulit siyang lumabas para maglaro ⛹️‍♂️ pagkatapos niyang kumain. Nang gabing iyon sa hapunan, tinanong ulit siya ni Nanay. Mahuhulaan mo ba ang sagot ni Miguel? 🤔 "Hindi pa po ako naliligo 🙅‍♂️," sabi niya, "pero maliligo na po ako pagkatapos ng hapunan!" Dumating ang oras ⏱️ ng kaniyang pagtulog, 😴 ngunit hindi pa rin siya nakaligo. Dumiretso sa pagtulog si Miguel, kasama ang duming dumoble na mula kahapon. 👦🏻😴😣

Nang magising si Miguel kinabukasan ng umaga at nakitang may tumutubong mga kamatis 🍅 sa kaniyang tainga 👂, ni hindi man lamang namangha ang kaniyang Nanay. "Sabi ko na sa iyo iba na ang tutubo sa mga tainga 👂 mo ngayon e." 🙂 sabi niya. "Maliligo 🛀 ka na ba talaga ngayon?" 🤔 "Opo, pangako. Pakibunot po ang mga halaman.", hiling ni Miguel 👦🏻 sa tinig na pagkabait-bait. "Pagkatapos na lang siguro ng agahan.", sabi ni Nanay 👩🏻. Ngunit pagkatapos nilang kumain 🍜, dumiretso si Nanay 👩🏻 sa kusina para maghugas ng mga pinggan. 💧🍽️🧼

Nang sumapit ang pananghalian, hindi pa rin naliligo 🛀 si Miguel. 👦🏻 Hindi pa rin binubunot ng Nanay niya ang tumutubong kamatis 🍅 sa kaniyang tainga 👂. Samantala, nakakita naman si Miguel 👦🏻 ng kung anong tumutubo sa likod ng kaniyang mga tuhod. 🦵 Sitaw! Tumakbo siya sa kaniyang Nanay at nagsabi, "Sige na po, pakibunot na po ang mga halaman 🌱." "Pagkatapos na lang siguro ng pananghalian.", sabi ng kanyang Nanay. Ngunit pagkatapos nilang kumain 🍱, si Nanay 👩🏻 ay naghugas ng pinagkainan. 💧🍽️🧼 Naglabas siya. Nagpalit ng mga kobrekama. 🛏️ Nagpunas siya ng mga kasangkapan.

Nang sumapit ang hapunan, hindi pa rin naliligo 🙅‍♂️🚿🧼🛁 si Miguel. Ang tumutubong kamatis 🍅 at sitaw 🌱 ay naroroon pa rin sa tainga 👂 at sa likod ng tuhod 🦵 niya. Samantala, nakakita na naman si Miguel 👦🏻 ng kung anong tumutubo sa likod ng kaniyang siko 💪. Sibuyas 🧅! Tumakbo ulit siya sa kaniyang Nanay 👩🏻 at nagsabi, "Sige na po 😢, pakibunot na po ang mga halaman🌱, sige na po 😢." Matagal siyang tiningnan ng kaniyang Nanay, ngumiti nang kakaibang ngiti, at sumagot, "Pagkatapos na lang siguro ng hapunan."

Di nagtagal at oras nang muli ng pagtulog 😴, at hindi pa rin nakaliligo ❌🛀 si Miguel 👦🏻. Hindi pa nabubunot ng kaniyang Nanay 👩🏻 ang mga lumalagong kamatis 🍅, sitaw 🌱, at sibuyas 🧅. Natulog 😴 si Miguel 👦🏻, kasama ang duming triple na mula noong isang araw. At habang nahihimbing siya, may kung anong nagsimulang tumubo sa gitna ng kaniyang mga daliri sa paa 🦵 at kamay ✋. Talong 🍆! May kung anong nagsimulang tumubo sa hati ng kaniyang buhok 👦🏻. Okra! At may kung anong nagsimulang umusbong sa kaniyang pusod. Maraming labanos!

Naisip mo ba ang itsura ni Miguel nang magising siya kinabukasan? 🤔 Lungtiang-luntian at maraming dahon 🍃 na ang kaniyang buong katawan! Ngunit kahit pa kamangha-mangha 😮 nang talaga ang kaniyang itsura, ni hindi man lang napakurap ang Nanay 👩🏻 ni Miguel 👦🏻. Sabi niya, "Susunod na dyan ang singkamas, at magsisimula na iyong tumubo sa ilong 👃 mo pagkatapos ng agahan."

Ay, talagang napasigaw si Miguel 👦🏻 sa pag-iyak! 😭 Naalog-alog ang mga gulay 🍆. na nakakapit sa kaniya, mula ulo 👦🏻 hanggang paa 🦵. Iniyakan 😭 niya ang kaniyang Nanay 👩🏻. "Pakitanggal na po ang mga halaman! Pakialis na po silang lahat! 😭" Matagal na tumayo nang nakapamaywang si Nanay 👩🏻, umiiling-iling😒.

At sa wakas, pinaikot niya ang kaniyang mga mata 👀, huminga nang malalim 😩, at nagsabi nang may pasensiya ng isang inang napakaraming ginagawa 😔, "Mangangako ka bang ✋ maliligo 🚿🧼🛀 ka ngayon, at tutuparin mo na ba ang pangako mo? 🤔" "Opo, pangako.", sabi ni Miguel. 👦🏻✋

Maingat na maingat na binunot ni Nanay 👩🏻 ang bawat okra, kamatis 🍅, sibuyas 🧅, labanos, sitaw, at talong 🍆. At nang natanggal na niya lahat ng mga ugat 🌱 at dahon 🍃, hinalikan niya ang namumulang mukha ni Miguel 👦🏻 at hinayaan siyang maligo. 🛀

Matagal-tagal din bago lumabas ng banyo si Miguel, 👦🏻 malinis na malinis, maligaya sapagkat nagbalik na siya sa dati, at tiyempong-tiyempo sa pananghalian! Mahuhulaan mo ba kung ano ang nakahain? 🤔 Isang malaking kaserola ng sinigang na punong-puno ng okra, kamatis 🍅, sibuyas 🧅, labanos, sitaw, at talong 🍆. Alam siyempre ng Nanay 👩🏻 ni Miguel 👦🏻 na hindi dapat nagsasayang ng mga sariwa at masusustansiyang gulay 🍆.

--

Wakas. 🤗 At natapos nga natin ang istoryang "Just Add Dirt". 🤔 Apir! 🙏

Marahil ay pagod ka na, kung kaya naman tayo ay hihinto muna ulit sa paglalakbay. Mag-usap muna tayo. 👨 👩
Kaibigan, kumusta ka naman habang tayo ay naglalakbay sa "Just Add Dirt"? 🤔 Nasiyahan ka ba? 😃 Na engganyo? 🤩

Gusto mo ba uling maglakbay? 🤔👣

✏ **GAWAIN**
Ating alamin kung naalala pa natin ang mga pangyayari sa istorya. 🧠🤗

🔎 Natatandaan mo pa ba ang dahilan kung bakit hindi na nagulat 😮 ang Nanay 👩🏻 ni Miguel 👦🏻 noong tubuan ito ng munggo sa kanyang tainga?

Tama! 🤗

Dahil alam nitong hindi naligo 🙅‍♂🛀 si Miguel 👦🏻 noong nagdaang gabi. 🌚

Ikaw, ilang beses ka naglilinis ng katawan sa isang araw? 🤔

🔎 Tinupad ba ni Miguel 👦🏻 ang pangako ✋ niyang maliligo siya 🛀 noong kinatanghalian matapos siyang tanggalan ng munggo sa tainga ng kanyang Nanay? Ano ang ginawa niya makatapos nito?

Magaling! 👏

Hindi siya naligo 🙅‍♂🛀. Pagkatapos ng pananghalian agad ulit siyang lumabas para maglaro. ⛹‍♂

Ikaw, naglalaro ka rin ba tuwing tanghali? Kung oo, ano ang iyong paboritong laruin? 🤔

🔎 Natatandaan mo pa ba ang tumubong gulay sa katawan ni Miguel 👦🏻 pagkatapos ng dalawang araw na hindi pagligo🛁 ?

Mahusay! 🤗

-Kinaumagahan, 🌅 may tumubong kamatis sa kanyang tainga. 👂🍅
-Noong tanghali, may tumubong sitaw sa likod ng kanyang tuhod. 🦵
-At, nang sumapit ang hapunan, may tumubong sibuyas sa likod ng kanyang siko. 💪

Nakaranas ka na bang hindi maligo ng isa o higit pang araw? 🤔

🔎 Dahil sa hindi na naman pagligo 🛁 ni Miguel 👦🏻 ng tatlong araw, anong mga gulay ang tumubo na naman sa kanyang katawan?

Ayos! 👏

-Tumubo ang talong sa gitna ng kanyang mga daliri sa kamay at paa. ✋🦵🍆
-Sa hati ng kaniyang buhok ay tumubo rin ang okra.
-At, sa kaniyang pusod naman ay may umusbong na labanos.

Kung ikaw si Miguel 👦🏻, maliligo 🛀 ka na ba pagkatapos tumubo ng mga gulay sa iyong katawan? O hihintayin mong dumami pa ito bago ka maligo? Bakit? 🤔

🔎 Noong natapos si Miguel 👦🏻 sa paliligo 🛀 ay saktong pananghalian na. Natatandaan mo pa ba kung ano ang nakahain sa kanilang lamesa?

Tumpak! 👏

Isang malaking kaserola ng sinigang na punong-puno ng okra, kamatis 🍅, sibuyas 🧅, labanos, sitaw, at talong 🍆 ang nakahain sa kanilang lamesa. 🥘

Kumakain ka ba ng gulay? Kung oo, anu-ano ang mga ito? 🤔

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
Bago matapos ang ating aralin, isang activity ang aking ipagagawa sa iyo. 😉

Iguhit ✍️ ang itsura ni Miguel 👦🏻 makatapos ang tatlong araw ☀️ na hindi niya pagligo 🛁 at ilarawan ito gamit ang tatlo hanggang apat na pangungusap.

Ano man ang iyong malikha, sana ay hindi nating makalimutang maligo 🚿🧼🛁 upang linisin at tanggalin ang duming kumapit sa ating katawan. Kumain din sana tayo ng gulay🥬 at prutas🍎 upang maging malusog ang ating pangangatawan. Ating tandaan na ang kalinisan at kalusugan ay ating maituturing na mga kayamanan.😊
Magaling! 🤩

Natapos natin ang istorya! 👏

Bigyan natin ang ating sarili ng "Good Job" Clap. 👏

Mayroon bang parte ng diskusyon na nahirapan o naguluhan? 🤔🤯

Magmessage lamang at i-mention si Teach Hams. 👩🏼🏫

Magkita-kita ulit tayo bukas. 🤗

Maraming salamat! 🥰

God Bless! 😇

--

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.